www.kidworship.kr

# Cain at Abel

– 3rd Story–


17Page


N A R Ang unang taong nilalang ng Panginoon, na sina Eva at Adan ay nagkaanak ng dalawang batang lalaki. Ang panganay na lalaki ay pinangalanang Cain at ang nakababatang anak naman ay tinawag na Abel. Mabilis na lumaki ang mga bata.

C a i n “Haa!...ang lupa ay hindi nagkakanulo ng masisipag. Kaya’t sa gayon ay maari na tayong makapagtrabaho?”

A b e l “Oo na! Tama na nakakakiliti hahahaha!”

N A R Si Cain ay naging isang magsasaka, Masipag siyang nagtatra-baho, at umaani ng maraming palay at prutas. Samantala ang kanyang kapatid naman ay isang pastol ng mga tupa. Pinapakain ni Abel ng masusustansyang pagkain ang kanyang mga tupa at iniingatsan sa mga mababangis na hayop.

---



18Page

N A R Isang araw, ang nakababatang kapatid na si Abel ay naguwi ng matabang tupa galing sa mga panganay na anak ng kanyang mga alaga. Samantala ang nakatatandang kapatid naman na si Cain ay may dalang mga prutas para ihandog sa Panginoon. Ngunit tinanggap lamang ng Panginoon ang handog ni Abel, at hindi tinanggap ang kay Cain. Nagalit si Cain at kinamuhian ang kayang bunsong kapatid.

C a i n ‘Bakit ang handog lamang ni Abel ang tinggap ng Panginoon? Kung wala sana siya edi sana ako lamang ang paborito ng Diyos.’

N A R Ang puso ni Cain ay puno ng galit sa Diyos at selos para sakanyang kapatid. Hanggang isang araw hindi Makita si Abel. Tinanong ng Panginoon si Cain.

---


19Page


D i y o s “Cain, nasaan si Abel?”

C a i n “Panginoon paano mo naman po malalaman? Ako po ay tag-apangalaga ng aking kapatid? Ako ay isang magsasakang maraming ginagawa, kaylangan kong mag damo at···.”

D i y o s “Cain anong ginawa mo?!”

N A R Alam ng Diyos ang lahat. Kahit pa tinangka ni Cain na lokohin ang Panginoon sa pamamagitan ng pagsisinungaling, Alam ni Cain kung nasaan si Abel.

---


20Page

C a i n “Tama ka, Abel··· kapag wala ka··· argggh!”

N A R Inatake ni Cain si abel at pinukpok ng bato, dinugo si Abel at kalaunan ay namatay. Tinanong ng Diyos si cain kahit pa alam na niya lahat. Ngunit sinubukan ni Cain na lokohin ang Diyos.



21Page

D i y o s "Ang dugo ng iyong kapatid na nasa lupa ay umiiyak saakin." "Mula ngayon, kapag nagtrabaho ka sa iyong lupain, hindi na muli ito magbubunga. Ikaw ay magiging isang taong walang pahinga ditto sa mundo.

C a i n "Panginoon kapag akoy iyong pinaalis dito sa masaganang lupain na ito upang guamala, ay lahat nang makakita sa akin ay akoy kanilang papatayin."

N A R Ang akala ni Cain ay inabandona na siya ng Diyos, takot na takot siya na baka patayin siya kapag siya ay naging palaboy sa mundo. Ngunit kahit na nagkasala si Cain, naawa ang Panginoon sa kanya at ipinangako na walang makakatagpo sa kanya at papatay. Nalungkot si Cain at umalis sa presenya ng Panginoon at namuhay sa silangang bahagi ng eden.